

The Project Gutenberg eBook of Landas na Tuntunin, by José Morante

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Landas na Tuntunin

Author: José Morante

Release date: November 30, 2004 [EBook #14215]

Most recently updated: December 18, 2020


Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Jerome Espinosa Baladad and the Project Gutenberg Online Distributed Proofreading Team based on images generously made available by the University of Michigan.

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK LANDAS NA TUNTUNIN ***

[Transcriber's note: Tilde g in old Tagalog which is no longer used is marked as ~g.]

[Paalala ng nagsalin: May kilay ang mga salitang "ng, mga," at iba pa upang ipakita ang dating estilo sa pag-sulat ng Tagalog na sa ngayon ay hindi na ginagamit.]



TULÁNG KINATHA

NI

José Morante

NA

PINAMAGATANG

LANDAS NA TUNTUNIN

AT

**Dito'y matatausan ang LIWANAG n~g nan~ga-mulat sa
KADIMLAN**

IKALAWANG PAGKALIMBAG

MAYNILA, 1918.

IMPRENTA, LIBRERIA AT PAPELERIA

NI

J. MARTINEZ

**34-36 P. Moraga, 108 P. Calderón at 253 Cabildo,
Intramuros TELÉFONOS 5005 y 3283**

Talaan ng Nilalaman:

[Unang pankat](#)

[Punò nang salitâ](#)

[Ikalawang pankat](#)

[Ang pagbabalik ni Dalmacia](#)

[Ang pag-alis ni Dalmacia](#)

[Ikatlong pankat](#)

[Ang pagbabalik ni Dalmacia n~g kinabukasan](#)

[Palasinta n~g binatang si Constancio](#)

[Nang matapos nang basahin ni Marcela ang padaláng sulat
ni Constancio](#)

[Ikaapat na pankat](#)

[Ang pag babalik ni Dalmacia](#)

[Ang pagbasa ni Marcela sa pan~galawang hibik ni Constancio tungkol
sa pag-ibig.](#)

[Sagót ni Marcela.](#)

[Ang pagsagót sa sulat ni Constancio.](#)

[Ang panagót ni Dalmacia kay Constancio.](#)

[Ang pag owi ni Dalmacia.](#)

[Ikalimang Pankat](#)

[Ang pagbabalik ni Dalmacia sa tipáng kinabukasan.](#)

[Isáng Tagubilin](#)

Paunawà sa tanáng babasa

Manáng isang gabíng ako'y nag liliban
sa makawiwiling liwanag n~g Buan
kaguiat nagunitâ ang pinag-usapan
dalawang dalagang nagsasalitaan.

Pinan~gahasan kong ilagdâ sa papel
ang lugód n~g puso, at anong gagauin
kung dí makatagal at kusang hapuin
ang isip, sa gayong lawig n~g baybain.

Bakit sa panahong ito'y nararapat
na ang kahit sino'y magtaglay n~g in~gat
sa gugol na pagod, at may munting linsád
páasahan mo nang may kataling pintas.

Kaya sa tulâ kong m~ga itititik
ang paunang samo, pantas na lilirip,

huag paghanapan n~g malasang tamis
ang bubót na bun~ga n~g unsiaming isip.

Kung sa pag basa mo'y may mapansing hindi
tama ang sabi ko't sa isip mo'y malí,
huag hahatulan n~g sirá't ang hin~gi
sa pagtutulin mo ay magwari-wari.

Sapagka't kung kaya gumugol n~g pagál
ang malampang isip kahit gumagapang,
adhika n~g puso'y maguing munting tuláy
sa tawiring hirap niyaring abang búhay.

At kung wala ka mang mapupulon~g lugód
sa bun~ga n~g aking pinuhunang pagod,
ito'y mabuti ring aliwan n~g lungkot
lalo't dinadalaw n~g samá n~g loob.

Ihahangang dito't ang boong pasiyá
ay nasasa iyo pantas na babasa,
sa isasariwâ at ikalalanta
ay naroroon din ang aking pag-asa.

Punò nang salitâ Unang pankat

Sa isang baybaing liban~gan n~g hapis
na nasasakupan n~g bayang Ercañés
nayong ma-alindog na nakakarating
n~g lansan~gang ilog sa alat na tubig.

Sa poók ding ito'y may isang bakuran
na katuatua't dami n~g halaman,
kaya't sa bulaklak na inia-alay
magtatamóng lugód ang matáng tatanáw.

Sa kalaguitnaan halamanang ito
ay mayroon namang marikit na kubo
handang palamigan sa buan n~g Mayo
kun ang alinsan~gan ay sumisimbuyó.

Dito ri't dí iba'y may himalang dikít
na isang dalagang matalinong isip,
anopa't sinoman sa makámamasid
ay mahahalatang may lumbay sa dibdib.

Manáng isang dapit hapong makaraan
ang dalawang tugtog sa pala-orasán,
dalaga'y nanaog tangkáng maglilibang
sa magandang kubong talagang aliwan.

Kapagdating doo'y biglang napahilig
kasabáy ang taghoy luhang nag babatis
¡ay amáng amá ko! ang inahihibik
¿ano't inulila ang anak mong ibig?

¡Ay amang ama kong nagpalâ sa akin
amáng nag alaga n~g kay inang lihim
dí ka na naawang iwan sa hilahil
akong abang bugtong sa sintang pananím!

¿Saan magpupulót kan~ginong pagtanáw
pipitas n~g bun~ga n~g iyong palayaw?
wala na banta ko't hangang kamatayan
ang pagpapalâ mo'y di na maduduláng.

At diyán sa iyong buhay na sinapit
ay walang wala nang oras na tahimik
at kulang ang aking luhang nagbabatis
sa tindí n~g dusa't bumubugsong sákit.

¡Ay amang ama ko kung magunamgunam

madlá mong pag-irog at pagpapalayaw
ay wala nang lan~git yaring abang búhay
kundí ang malipat sa payapang bayan!

Hangang naririto sa bayang malungkot
at yaring búhay ko'y hindí nalálagot
ay hindí titiguil ang luhang bubuhos
sa hapdí n~g aking nasasaktang loob.

¡Hahanapin ko nang matagpô ang landas
na pinagdaanan n~g iyong pag lipat
sa kabilang mundo't aanhing magluát
ay walâ na akong amang lumilin~gap!

Sa mawika ito hin~ga'y nagka-buhól
kaya n~ga't napatid ang masinsing taghóy,
ay siyang pagdating namáng nagkataón
katotong dalaga n~g na sa lingatong.

Sa mamasda'y dagling nilugsó't dinamá
tinutóp ang noo't dibdib n~g may dusa
saka tinawagan, ang wika'y ¡Marcela!
siyang pagka-ugpong nan~giling hinin~gá.

Mata'y idinilat at saka nagturing
—salamat, Dalmacia, at ikao'y dumating
ako'y nakalimot at ang muláng dahil
sa búhay n~g aking amang guiniguiliw.

Pinatáy sa maling hatol n~g kastila
n~g dahil sa sumbong n~g masamang dila,
ito nama'y dina halos nawawala
sa piling n~g aking lihim na gunita.

Oo dí ko sana dapat na damdamin
kun ang kamataya'y sa Dios nangaling,
n~guni't sa kánulo n~g dilang Luciper
¿aling pusong anak ang dí pupugnawin?

Kaya wala na n~ga akong kahilin~gan
sa Dios kung hindí bawian n~g búhay,
pagka't ang malipat sa payapang bayan
ay wala nang pusong marunong mag damdam.

Kaya n~ga, Dalmacia, ako'y nag a-agap
guiliw na kapatid n~g pag hin~ging tauad
sapagka't dí natin talastas ang oras
n~g kamatayan kong di na magluluat.

Sa mawika ito Dalmacia'y nalugmok
nalaglág ang luha't nag buntong himutok
walang katuirang nagpapahintulot
na sa dalamhati búhay mo'y matapos.

Magwari-wari ka't tin~galin n~g isip
ang pagkalarawan n~g santong matuid,
na ang lumalabag sa dunong n~g Lan~git
ay walang wala nang aantaing bihis.

Pawi ang lumbay mo at ipaubaya
sa Dios na Amá ang boong bahala,
walang mangyayari sa tahanang lupa
na hindí sa dunong niya nagmumula.

Lisan ang pighatí at alalahanin
yaóng hulíng búhay nating lilipatin
dito'y walang utang na maitatakuil
sa Dios na hindí daratnán n~g sin~gil.

Kung katotohanang nagbuhat sa upat
búhay n~g tatang mo ang pagka pahamak
asahan mo Selang hindí magluluat
darating ang ganti,t, oras na katapát.

At doon sa iyong han~gád na mádalí

ang búhay mo't dahil sa laking pighati
iyong pagsisiha't baka maguing sanhí
n~g dí pagkakamit Bayang Luwalhati.

Sukat hangang dito, giliw na kapatid,
dí naman pag-aral at pag-unang bait,
iyong pagpilitang iwaksi n~g isip
ang pighating laban sa Santong matuíd.

Walang nararapat kundí ang umayos
sa kapangyarihan n~g lumik-hang Dios
sanlibo mang ama ang siyáng matapos
¿ano't daramdamin sa Lan~git na tulót?

Pusong malulunod sa pighati't lumbay
sa laglág n~g payo'y kusang nanimbulan,
sa oras ding yao'y ipinagwaksihan
ang katalong sindak na kinakalaban.

—Salamat sa iyo Dalmacia kong kasi
sa pagpapala mo't guinawang sakbibi
at kulang ang aking dilang magpupuri
sa dapat kilanling lubos mong kandili.

Na dahil sa iyong payo't pag-aampon
ligalig n~g aking puso'y huminahon
kung dí mo dinatnán, banta ko'y nagtulóy
yaring abang búhay sa pagkakabuhol.

N~guni ang hilíng ko'y isang kasayahan
na makapapawi sumimot n~g lumbay
—oo n~ga Marcela't ang lahat n~g iyán
sa araw n~g bukas ay magagampanán.

N~guni tulutan mo na kita'y lisanin
si ama't si ina'y iníp na sa akin
at baka ano nang kanilang isipin
magmula kan~gina n~g di ko pagdating.

At bukod sa rito'y dapat ipagsabi
sa sintan~g ina mo, bagay na nangyari
at baka sakali na sa dakong hulí
ako ang patalba't buntuhán n~g sisi.

Dí ligáw na balak, Dalmacia, kong mutia
n~guni at ako rin ang sumasangsala
sapagka't ang lumbay na gumagambala
ay wala na't n~gayo'y lubos na payapa.

Kaya huag mo nang hatdán n~g balisa
ang dibdib n~g aking minumutiyang iná
at yaón ay isang makadáragsdag pa
sa pighating dulot n~g pagkaulila.

At huag mo sanang lisanin n~g biglá
akong bagong bagong ahon sa dalita
—Marcela'y bukas na tayo magpasasa
n~g balabalaking magbibigay tua.

Kay ama't kay ina ang gagawing sanhí
na kitang dalawa'y dito mananahí
kaya paalam na't iwaksi n~g budhí
ang labág na iyong pagdadalamhati.

Paasahan mo nang sa araw n~g bukas
bilang na iisa ang tugtog n~g oras
magbabalik ako't nang upáng magluát
sa kubo ring ito kita mag-uusap.

—Maraming salamat kapatid na irog
ako sana'y huag makanlong sa limot
kung may búhay lakás naman ay mag-utos
at sa makakaya'y nahahandang lingkod.

Abo't ang kamay ko't kita'y magyakapan

hagkan muna kita't ako nama'y hagkán
maguin~g tandang saksi n~g pagmamahalan
at sa tipáng oras kita'y ina-antay.

Ang pagbabalik ni Dalmacia

Ikalawang pankat

DALMACIA.—Narito na ako Marcela.

MARCELA.—¿Komusta?

DALM.—Mabuting awa n~g Dios, walang ligamgam na anomán, itinanóng sa akin na kun bakit ako naluatan kahapon, ang naguíng sagót ko'y nagkawili lamang kita sa pag-uusap, na kun anó ang mabuting sukat isiping paghahanap búhay; sa sagót kong ito'y nalaglág ang kanilang luha at ako'y niyakap na pinakahigpit n~g aking iná, at ang idinugtong na pan~gun~gusap naman nang aking amá ay ganito Pakingan mo at akin~g kakantahín.

MAR.—Oo n~ga, ang damdam ko'y makaliligaya.

Oh bunsong ligaya niyaring aming dibdib
bulaklak n~g tua't bun~ga n~g pag-ibig
iyong halamanin sa lináng n~g dibdib
itong tagubiling aking ihahasík.

Unang una bunso'y tibayan ang loob
n~g m~ga pag-asa sa totoong Dios
at ang ikalawa'y huag kang lilimot
n~g m~ga pagtupád sa banál na utos.

At ang pagka-awa sa kapua tawo
huag lilimutin, Dalmaciang anak ko,
at yaón ang binhíng pag-aanihan mo
sa kalilipatang huling Paraiso.

Ang lahat n~g aking m~ga tagubilin
bunsó sa dibdib mo ay papagtibain
at ito ang gabáy na guguyabinín
hangang binibig-yan n~g búhay na angkín.

Ikáw aming bunso'y magpapakatimbang
sa lakad n~g mundo't panahong niniral
kung sakasakali't makapag tagumpay
payapa ka rito't hangang hulíng búhay.

Sa mundo'y pag di ka natutong nan~gilag
at dí tinalasan ang mata n~g in~gat
walang malay-malay nayapos ka't sukat
niyaong pan~ganyayang lihim na pahamak.

Ang parang kapatid na pagsusuyuan
bunsó ko, Dalmacia'y pailagilagan,
sapagka't ang lihim niyang kalooban
ay di mo talastas ang patutun~guhan.

At huag ka namang magpapakaniig
sa may asawa na n~g pakikipanig
sapagka't kung minsa'y pinapagdurun~gis
n~g palabintan~gin ang puring malinis.

Sukat hangang dito, Dalmacia kong guiliw
tanáng mahalagang aking tagubilin,
sapagka't ang takda nitong búhay natin
ay di natatanto oras n~g pagdating.

Yaóng ating bukid kung ako'y manaw na
ihanap n~g tawong marunong magsaka
na may sadyang bait na nakikilala
nang di ka dalawing n~g pagkakasala.

At ang magsasaka, Dalmacia'y ganoón
marami ang m~ga ... liban sa dí gayon;

ang hahanapin mo'y ang tawong marunong
magmahal sa puri't may sariling hatol.

At kung may panira namang ihahatid
na dinadaya ka sa ani n~g bukid
ay magpakunuá n~g malaking galit
nang may kamtang tuá ang may dalang inguit.

Sapagka't an~g han~gád ay iyong bawiin
sa mabuti't siyá ang papagsakahin,
ito'y asahan mo't kung ga sa patalim
ay lalong matalas sa samáng gagawin.

Hangang dito bunsó't kung бага sumapit
oras n~g búhay ko't sa mundo'y pag-alís
ay di kailan~gang iyong ipa-dapit
lalo't kapurihán ang nasa n~g dibdib.

Huag na dí lamang mabaón sa hukay
ang kaawa-awang lupa kong katawan:
sa mawika ito nalaglág na namán
ang luha't gayari ang hulíng tinuran.

Katiwala kami n~g iyong paglipat
doon kay Marcela, pagka't sa hinagap
kun bagay sa tibay hindí naman sukat
magagaping daglí n~g may lilong han~gad.

Han~gang dito Sela't siyang pagkatiguil
niyong sa kay amang m~ga tagubilin
anaki sumilang ang m~ga bituin
at naliwanagan isip kong madilim.

DALMACIA.—¿Anó бага Marcela ang lasáp mo sa m~ga tagubilin n~g aking amá?

MARCELA.—Makaliligayang m~ga pan~gun~gusap na dapat halamanin sa lináng n~g malinis
na pagtupád at papamun~gahin n~g bun~gang dapat iyalay n~g sinomang tawo sa banál na
hiling n~g Santong matuid: mabuting amá at nau-ukol pakamahalin n~g isang irog na anak;
datapua't makalalansag sa dibdib nang may pag sintang anak sa giliw na ama.

DALM.—Ah oo n~ga, tunay ang iyong turing, at ibinabalita ko sa iyo n~gayon, na noóng
inilalaglag n~g aking amá sa pangdin~gig ko ang butil n~g magandang aral, ay tunay na sa
balang sabi, ay nakikibagay ang paták n~g matamis kong luha na ito'y ibinabalong niyaong
guniguní, na paano kaya kung dumating ang panahon n~g aking pagkaulila. ¿Gaano kaya ang
dami n~g kakabakahin kong digmá n~g hinagpis? Sa banta ko'y di matatantusan at mapipilitang
ilugmók sa ipagdaramdam ang magkaroon man ako n~g matigas na puso at alipala'y di na
mangyayaring sapitin ko pa ang ako'y maiwan at ligaya ko na sa oras na yaon ang ako'y masama
sa lupang mapalad na kalilibin~gan n~g irog kong amá. Hangang dito Marcela ang nangyari sa
oras na ako'y pinan~gan~garalan; nguni't pinapansin ko sa iyo n~gayon, na ¿kun bakit magmula
kan~ginang ako'y nagsasalita, ay nakikisabay namán ang pagdaloy n~g iyong m~ga luha sa
mata?

MAR.—¡Ay Dalmacia! ¿Aling puso n~g may pagsintang anak ang di bubugsuan n~g
paghihinagpis at manariwang mulí ang nalalantang puno n~g pighati? ¡Ay amang ama ko! ¿Saan
ka naroon?

DALM.—Marcela, maghusay ka n~ga n~g loob at maala-ala ko pala'y kahapon ay humihiling ka
sa akin n~g isang kasayahan, n~gayon ay wala naman maiya-alay sa iyo kundi isang maikling
kundiman.

MAR.—Tunay n~ga ba? Salamat Dalmacia kun gayon ang kinasasabikán kong kanta mong
kundiman at upanding makaputol n~g muling nag usbong kong kalumbayan, at kun magka
gayo'y asahan mo namáng may kapalit akong kákantahín sa iyo.

DALM.—Ganoón ba?

MAR.—Oo.

DALM.—Kun gayo'y pakingan mong magalíng.

Oh! m~ga bulaklak n~g nagtayong kahoy
at ikaw amihang malamig na simoy
magbalita kayo n~g aking pagtaghoy
sa kinalalag-yan n~g ihihinahon.

Kayong sarisaring ibong lumilipad
at ang palay palay na han~ging habagat
ibalita ninyo ang daing n~g hirap

sa kinalag-yan n~g ipapanatag.

At dí maglulubay ako n~g pagluhog,
kahima't dalita ang awang ihulog
ay di mag sasawa ako n~g pagpulot
at ituturing ding ligaya n~g loob.

Halihalimbawang maguing takdang guhit
n~g kamatayan ko ang sa pusong nais
ay ituturing ding ligaya n~g dibdib
lalo't mahalatang nagdadalang hapis.

DALM.—Tapós na Marcela ¿Anó bagá ang din~gig mo?

MAR.—Marikit na pagkayari Dalmacia ang kundiman mong iyán ¿Sino bagá ang may gawa n~g kathá?

DALM.—Hindí ko masabi sa iyo, sapagka't iyán ay narinig ko lamang sa isang taga....

MAR.—Banta ko'y isang pusong nakalutang sa maalong dagat n~g karalitaan, na ang inahihibik ay mapasampa sa pampang n~g katiwasayan.

DALM.—Tila n~ga; datapua't maala-ala ko pala'y ¿di baga ang wika mo kan~gina'y pagkatapos ko n~g pagkantá ay ikaw naman?

MAR.—May nasubukan ka na ba?

DALM.—Wala n~ga, n~guni't baka mo malimutan.

MAR.—Kailan ma'y kawangis n~g guinto ang aking pan~gako, at nang makilala mo'y iyong panain~gahan.

Sisimulan ko na, kapatid na guiliw
ang kantang kundimang iyong hinihiling
di anhi'y may dagat, na hayag ma'y lihim
mababaw ay hindi matarok ang lalim.

Sa dalang hiwaga n~g nasabing dagat
dí man matákahin ay manguiguilalás
bato'y lumulutang na sakdal n~g bigát
at ang lumulubog ang magang patpát.

At ang m~ga isdang naglisaw sa tubig
makaliligayang malasin n~g titig
balang malalaki'y may tibong matulis
at ang balang munti ni walang palikpik.

Kaya n~ga at walang pan~gambang sagpan~gín
at hindí gunita na makahihirin,
datapua't kung minsa'y nabubulunan din
kapág ang sisilá'y panabong sasamín.

At sa dalampasig n~g nasabing dagat
sabihin ang dami n~g batong nagkalat
ang katakata't kaguilaguilalás
munti ma't malakí, magkakasing bigát.

Sa kalaguitnaan n~g dagat ay gayon
ang sabi, mayroong mataás na kahoy,
san~ga'y malalabay, daho'y mayamungmong
na nakalililim sa dagat na yaon.

Sa puno n~g kahoy tubig na nunukal
walang kasingsaráp at sakdal n~g linaw
at sa dakong dulo'y kung anong dahila't
bibihirang tamís ang mánanamnamán.

Ihahangang dito Dalmaciang kapatid
ang kantang kundimang nahiling n~g dibdib
yao'y malaon na sa tandaang isip
boong kahuluga'y di ko nababatid.

—Marcela, ang iyong kinantang kundiman
panahong kastila ang tinatamaan
kung n~gayo'y hindi na, at ang umi-iral
balang may matuid ang ina-ayunan.

Gayón man Marcela'y palalamnán ko rin
dagat na mababaw ay sakdal n~g lalim
yaong kababawang ipinagtuturing
ang asal n~g tawong natatanaw natin.

At ang kalalimang hindi matatarok
ay ang lihim nilang nan~gasasa loob
at ang m~ga batóng hindi lumulubog
ang sa mayayamang katuirang buktót.

Ang hindi pag lubog ay nakakatigan
n~g panuyo't suhol ang kapangyarihan
kun n~gayo'y wala nang pusong magdaram-dam
at ang naghahari'y Santong Katuiran.

At ang lumulubog na magaang patpát
ay ang katuiran n~g tawong mahirap,
hindi palutan~gi't dahilán sa bigat
niyaong naglulubog na pabatong pilak.

Sinasabing isdang nag lisaw sa tubig
na ang malalaki'y may tibong matulis,
masamang mayaman na ang ini-isip
sa búhay n~g dukha'y umapit manlupig.

Isdang maliliit sa aking palagay
dili iba't tayong maralitang búhay
kahit may matuíd, ay napipilan
n~g masiglang lakás niyaong kayamanan.

At ang punong kahoy na sakdal n~g tayog
ang Pamahalaang ating sinusunod
san~gáng malalabay ang nakalulukob
na kapangyarihan sa lahat n~g sakóp.

At ang sinasabing tubig na nunukal
sa puno n~g kahoy ay sakdal n~g linaw,
ang tapát na hatol na dí nasisinsay
sa Santong matuid n~g kapangyarihan.

San~gáng maliliit n~g nasabing kahoy
ay ang m~ga Juez, Kapitan at Hukom
na ang karaniwan ay nagsisihatol
n~g dí karampata't dahilan sa suhol.

Na kapag hinatdán n~g paban~gong suob
at n~g sarisaring maligayang handog
ay tulad sa bakal nana palalambot
at nailalagay sa ibiguing hutok.

Ang matang malinaw n~g Santong matuid
kusang binubulag dahil n~g pag-ibig
sa pilak, at di na halos ini-isip
ang kahihinatnán sa huling sasapit.

Sinasabing batong magkakasing timbang
muntí sa malaki ang bigat at gaan
ang tawong nilikha sa aking palagay
guinoó ma't dili iisa rin lamang.

¡Ay mundo! ¡ay mundo! ¿kailan pa kaya
ang ipag babago n~g asal mong sama?
—Dalmacia'y malí ka n~g pag-uunawa
ang mundo'y talagang bayan n~g dalita.

Sa mundo'y kung walang ipagpipighati
ay dapat tawaguing Bayan Lualhati,
kusang tapatin mo't kun sa aking wari
mundo'y parang batong kinukunang uri.

N~g sa Dios Amá bagáng pagmamasíd
sa balang may pusong wagas at malinis
sa kaniyá ay laan ang payapang lan~git
at sa pag durusa ang balang may dun~gis.

Kaya ang sinoman kung sa ganang akin
siyá ang bahala sa ibig puntahin
dalawa ang landas, datapua't bilin
huag pakaliwa't kanan ang tun~guhin.

Lansan~gang kaliwa ang hindi pagsunód
n~g tawo sa bilin at utos n~g Dios
nag papakahimbing sa biyaya't lugód
na dí dinadalaw n~g gunita't takot.

At ang daang kanan ang hindi páglihís
sa utos n~g Dios na bigay kay Moisés
ang magsipanuto doo'y magkakamit
niyaong lualhating walang kahulilip.

Dan~gan n~ga kung bakit at di mágawian
n~g tawo sa mundo ang muntá sa kanan
—Marcela'y bihira't kun magkaroon man
ay di naghahan~gad n~g dan~gál at yaman.

Pagka't mahaba nang panahon kapatid
ang dito sa mundo'y aking pagmamasid
ay wala pang tawong hindi nag-ibig
n~g yama't sa puri tin~galín n~g labis.

Kun ang m~ga sadyang kunó ay ulirán
na sasalaminin n~g nan~gamamayan,
ay nan~gag bibilí n~g di karampatan,
niyang tindang sangkap sa pagka binyagan.

Han~gád sa pagyaman kaya lumilihís
sa totoong landas n~g Santong matuid
ito'y siyang saksing dapat kunang linis
n~g nan~gádadayang ating pag-iisip.

Kaya marami na ang ibig bumitaw
sa pagka romanong dating kinaguisnán
dahil sa halata na kinakalakal
ang religiong itong kalinislinisan.

¡Ay manong ang aming paumanhing hibík
n~g dí mabalisa kaming dating kabig!
magpakitang loob at huag lumihís
sa katotohanang landas n~g matuíd.

Di bakit si Cristo niyaong nabubuhay
guinugol ang pagod hirap kamatayan
sa sang mundong tawo ay inia-alay
ang ganáp na awang dí han~gad sa yaman.

Ang ugaling yao'y ¿naha't di mangyari
sa nan~gárritong kuno'y kahalili
ni Cristo, ay bakit hindi bigyang saksí
n~g katotohanang pagkamakandili?

Hindi't ang lagui naming namamasdan
ang kalakhang anyó sa nan~gamamayan
lalo't walang limos ang dukhang namatay
ni hindi na nila ibig bendicionan.

Sa bagay ang isang tawong ililibing
bendiciona't dili yao'y iisa rin
at wala nang daang baguhi't sirain
hatol n~g Justiciang tapát na maglining.

At kun ang bendición ang hagdang pagpanhik
sa pinagnanasang bayang matahimik
ay dí sana nila dapat ipagkait
yaong katungkulang ipagkakalan~git.

Pagka't sila'y m~ga laáng mapagkupkup
timbulan n~g sala't n~g hindi malunod,
ay ¿bakit sa dukhang walang mailimos
ang bendición nila'y ipinagdadamót?

Dito'y mababalak na ang pagkáukol
sa lan~git n~g tauo'y hindi sa bendición
kun hindi sa linis n~g puso naroon
ang ikararapat sa Dios na Poon.

Sapagka't ang handang maligayang lan~git
ay hindi sa libing ang ipagkakamit
kung hindi sa gawa't wagas na pag ibig
sa Dios ang ating hagdan n~g pag panhic.

Gawang kamangman~gan n~g linahi natin
balabaling puri ang dakilang libing
gugulin ang pilak sa walang hihinti't
ang tinatasaha'y bibig sa pagkain.

—Dalmacia'y hintay n~ga't di na makatiis
ako sa lahat mong ipinagsusulit
¿ang lahat n~g yao'y ano't nababatid
ay isa ka lamang tubong taga bukit?

—Tama ang sabi mo kapatid na hirang
na yao'y hindi ko dapat maalaman,
n~guni't ito'y m~ga dunong na palagay
na higit sa Pari ang pinag aralan.

Ako naman n~gayo'y lubós ang tiwala,
pagka't siya nilang m~ga guinagawa:
ang magpakahigpit, at ang pagka-awa
sa kapua tawo'y walang mahalata.

Ugaling kastila'y dí binibitiwan
n~g m~ga Clerigong dito'y nan~gaiwan,
batang bagong anak na pabibinyagan
mag rerecarga na'y wala namang utang.

Sa bayang Pulilan ang lalong masakláp
sangsalapi't walo ang sin~gil sa binyag,
yao'y tubig manding sa Jordang nagbuhat
kaya't mahalaga ang naguíguing bayad.

Kagagawang yao'y ¿sino sa may isip
ang dí susungkuin n~g paghihinagpis?
at mapipilitang isigaw n~g hibik
ang m~ga paghamak sa wastong matuíd.

Dito mamumulos ang paghihinala
na dí naman ganong sala ang magdaya
sapagka't ang m~ga may hawak n~g tan~ga
sa bawal ay siyang unang gumagawa.

Akong nagsasabi hindi protestante
at sa romanista'y lubos ang pagkampi,
n~guni't hindi kayang bathing kong mangyari
na ang hindi tama'y siyang manatili.

Paris n~g ugaling guinagawa n~gayon,
n~g maraming Pari, liban sa di gayon,
¿kung anong dahilan at pinasusuhol
ang may namatayang nagpapa-ataul?

Ito nama'y hindi nagbigay gambala
sa kanila't tulong lamang n~g may awa
¿alín katuiran ang nagpanukalang
mag multa ang walang salang guinagawa?

¿Ang santong religion baga ang may halál
n~g ganoong m~ga palakad sa bayan?
sa banta ko'y hindi at ang kabanalan
ay dí nagnanasang mag imbot n~g yaman.

Kung sa bagay amin namang natatatap
na kayo ay walang ibang paghahanap
at may ilang tawo na kinakagawad
na nan~gagaantay n~g ano pang bayad.

At saka ang Pari nama'y may gutom din
sa nagkakagugol tungkol sa pagkain,
¿dahil kaya roo'y di na salang hin~gín
ang labis na bayad sa takdang arancel?

¿Ito kaya'y hindi kusang pagsalansang
sa linis n~g utos ninyong sinumpaang
ó baka sa amin lamang nababawal
at sa m~ga Pari hindi kasalanan.

N~guni at ang inyo namang nakikita
sa bayad n~g Bayan ay labis labis na
may dakilang libing, kasál at binyag pa
may pamisa't saka sarisaring pista.

Ito nama'y pawang pinagbabayaran
n~g dí naman mura't sa halagang mahal,
yaón sa wari ko ay labis na naman
aywan sa m~ga may han~gad sa yaman.

Ang lahat n~g ito ay dapat damdamin
ninyo't mawiwikang kulang n~g pagtin~gín
—oo ang sagot ko, n~guni't pagwari-in
na ang nangyayari ang dapat sisihin.

Dili baga kayo'y ilinagdang pastol
sa tanang alaga'y makapagtataboy
sa sawíng kalin~ga ay nan~gagsilaboy
at sa ibang sexta nasok napa-ampon.

At ang katuirang isinásalita
ang sila ay walang aantaing pala
balát-kayong banál, buting pakunuwa
sa bulág na wari umang na paraya.

At kung kaya kayo'y Kurang nan~gatanghal
na pinipintuho sa lahat n~g Bayan
dugo't, búhay hirap nami'y pinuhunan
saka n~gayo'y wala munti mang pagtanáw.

Bagkus pang pahirap siyáng ginagawa
sa búhay n~g m~ga tawong maralita
ang limos sa patay na dating mababa
n~gayo'y tinaasa't hindi mapaghaka.

¿Anong dahil kaya n~g sumasa-isip
kabuhayan nila'y hindi naman guipít?
yao'y nau-ukol sa tawong balawís
at hindi sa m~ga sálamina bait.

Ang ganitong saging pawang masasakláp
dí naman mangyaring mabig-yan kong salág
sa pagka't di lihim at natatalastas
n~g madlá, ang inyong hindi pagtatapat.

Dahil dito'y siyáng sanhíng nag-aakay
n~g pagkabalisa sa kinamulatan,
sapagka't ang landas na talagang daan
n~g santong matuíd ay linilihisan.

Ano pa't kung aking págunamgunamin
sanhing nagbibigay guló n~g panimdim
kung ano't sa m~ga ulirang susundin
doon tumutubo ang PUNO N~G DILIM.

Ito sa dibdib ko ang matinding bikik
at dahil n~g aking luhang naguiguilid
kahimawari'y magsipanumbalik
ang nan~gáliligaw sa Daang Matuíd.

Upanding kung tayo'y magka-ayos-ayos
sa pagkaka-sundo't magka-isang loob,
magban~gon ang ating Inang nakalugmók
sa nadustang búhay na kulunos-lunos.

At dí mangyayaring itulot n~g lan~git
yaóng Kalayaang ninanaisnais
hangang naghahari ang kuhilang isip
sa atin, at saka ang ugaling inguít.

Ganito ang siyang kutóg niyaring loob
hindí pan~gun~guna n~g dunong sa Dios
Marcela'y hin~gi kong bigyan mo n~g sagót
kun ang palagay ko'y hindi náaayos.

—Dalmacia ay tama ang iyong palagay
aywang sa lalong pantas na magnilay
na dí itutulot yaóng Kalayaan
sa kulang n~g wasto't walang kahusayan.

N~guni ¿ano bagang iyong napapansin
at magulong bayan ang ipinagturing?
—Marcela'y hindi mo pala nalilining
daming nag-iibig Punong kilalanin.

Pinangugugulan n~g pagod at pilak
ang kilanling Puno't sa Baya'y matanyag
—Dalmacia'y dí natin mabibig-yang sukat
ang lihim n~g puso nila't hinahan~gad.

At sakasakali na ang na sa isip
nitong sumasagui sa pag-uumibig
ang makapagsabog n~g malasang tamís
níyaong maligayang bun~ga n~g tangkilik.

Ang pag-alis ni Dalmacia

Paalam na mutia't lilisanin irog
ang m~ga titig mong ligaya n~g loob
—oo datapua't huag isalimot
akong kapatid mong nahahandang linkod.

O kun dili kaya ay dito na kita
matulog at bukas muwi n~g umaga
—Huag na't sakaling baka kumutog pa
ang kung ano't ano kay ama't kay ina.

Adios Marcela.—Dalmacia,y matnubay
sa iyong paglakad ang kapayapaan
—ako ma'y gayondin, búhay mo'y in~gatan
sa gabing pagtulog n~g Angel na bantay.

Na huag ka nawang dalawin n~g init
han~ging nagbubun~ga samang panaguinip
—ako ma'y gayondin ang taguring hibík
abót ang kamay ko't magdaop n~g dibdib.

Aalís na akong lin~gon ka n~g tanáw
titig ko Dalmacia ay pumapatnubay
malayong adios,—adios din namán
lupít n~g sakuna ay magpakundan~gan.

Ang pagbabalik ni Dalmacia n~g kinabukasan

Ikatlong pankat

Narito na ako—Kita nama'y antay
¿anong búhay ninyo kagabing nagdaan?
—Sa awa n~g Dios ay walang ligamgam,
kan~ginang umaga'y tumanggap n~g liham.

Na ang sinásabi tungkol sa pag-ibig
padalá n~g isang binatang matalik
n~g tinatahak na n~g aking panitig
mahambal ang dating matipid kong dibdib.

Na dahil sa hibík na kalaguimlaguim
nitong nagsasabing kinatawan papel
narito Marcela at iyong basahin
ikaw man banta ko ay mahahambal din.

Ohó! at kung gayon ay makadudurog
n~g pusong matigas ang haing pag-luhog?
—Narito Marcela't sa kamay ko'y abót
ang makababaklang daing n~g pag-irog.

Babasahin ko na, kapatid na guiliw
ang pag-sintang mana sa linahi natin
huag mababaklá ang iyong panimdim
sapagka't ang mundo'y lubhang sinun~galing.

Palasinta n~g binatang si Constancio

Poon n~g pag-irog huag maguing sawí
ang hibik n~g pusong na sa sa pighatí
sapagka't ang sinta'y walang hinihin~gi
kundí ang li~ngap mong ilulualhati.

Kaya huag mo po sanang ipagkait
ang lunas na awa sa aking pag-ibig
kung nasasadhán man ang pinto n~g dibdib
buksi't salubun~gin n~g iyong tangkilik.

Yayamang sapagka't ang iniluluhog
sa m~ga yapak mo'y banál na pag-irog,
tipid n~g bighani mo po'y malamuyot
na isakandun~gan n~g lin~gap ang lingkod.

Papagkamting palad ang sa pusong hibík
na ikaw ang maguing ligaya ó Lan~git
n~g dustang búhay ko't magpahangang guhit
ay paglingkuran kang kabiyak n~g dibdib.

Nang matapos nang basahin ni Marcela ang padaláng sulat ni Constancio

—Nákilala ko na ang saráp n~g daing
n~g nag-u-umanong puso sa pag-guiliw,
ikaw ang bahala nguni't pag-isipin
ang pang adyang dapat sa huling daratnin.

Sa lakad n~g mundo'y panahong niniral
ang isang parista'y sukat katitimbang
ang lalong matatág ay nan~gahahapay
sa dunong n~g isip nilang mapanglinlang.

—Tama ang sabi mo kapatid na liyág
na tayo sa mundo'y sukat kaí-in~gat,
n~guni't sa warí ko'y hindí masasalág
kapagtalagá nang tadhana n~g palad.

At may matatandang nagsisipagsabi
at sampo n~g aklát ay namamarali,
tawo sa anomang bagay na mangyari
yao'y katutubong taglay sa paglakí.

Dalmacia kung tungkol sa sinabi mo'y
hanapin n~ga natin ang pagkatotoó
n~g isang nangyaring dí anhi'y ganito
na ang nagsasabi ay Novelang libro.

Kunó ay may isang principeng masiglá
nagtanong sa lalong pantas ó bihasa
ang wika'y turan mo na kung sino bagá

tun~go n~g palad ko sa pagaasawa.

Sagót n~g tinanong—principeng maran~gal
ang takda n~g iyong daláng kapalaran
ay babaying pan~git at dí dugong mahal
yao'y asahan mo't siyang káratnán.

Ang dalagang ito'y isang fondadista
walang hanap búhay liban sa magtinda,
anitong principe—saan lugar baga
—Ay na sa sa libis n~g tuláy n~g quinta.

Kung gayon ay ating saglít na parunan
ang tun~go n~g aking dalang kapalaran
at tatayahin ko kung may karampatang
masukob sa lilim n~g taglay kong dan~gal.

Yaon na't sa quinta nang sila'y dumating
itong fondadista'y itinurong lihim
hindí iba't iyan, principeng butihin
ang takdá n~g iyong kapalarang angkin.

Ako'y aalis na't ang bahala'y ikaw
mag-isip n~g lalong kagaling-galin~gan,
n~guni't ang hula ko'y hindi mabibigyan
n~g litis, at yaon ang pangyayarihan.

Pinagmalas nan~ga't pinag-isip-isip
ang maguiguing kasing kabiyak n~g dibdib
ay walang makitang ipagkakalan~git,
nagbuntong hinin~ga't luha'y bumalisbis.

Diyata't ang dugong sa korona galing
hamak na babae ang kakasamahin
dustang kapalara'y nang diko tangapin
mag-isip n~g lalong nararapat gawin.

Nang hindí mangyari ang takda n~g palad
putlín ko ang ulo't yaon ang marapat;
linapitan na n~ga't liig ay tinigpas
nitong walang malay sa pagkapahamak.

At ipinatapong madali sa ilog,
anopa't tinan~ga'y n~g matuling agos,
sa nangyaring yao'y sabihin ang lunos
n~g nan~garoroong matáng nanónood.

Pinatay at sukat wala namang sala
ang kahabag-habag na abang dalaga,
¿alin kayang luha n~g makakikita
ang dí aakaing bumalong sa mata?

Di naman mangyaring mabig-yan n~g ganti
palibhasa'y isang dakilang principe,
anopa't wala nang anomang nangyari
kung kahima't labag sa utos n~g Ley.

Babaeng pinatay sa Novelang sulit
ay kusang nabuhay sa dunong n~g Langit
at muling naugpong pinutol na liig
napadpad sa ibang reino't dalamipasig.

Kagandahang palad nátagpo pagdaka
n~g isang lalaking namamalakaya
namangha ang boong págkatawo niya
at sinapantahang diwa'y taga gloria.

Wika sa sarili mahaba nang araw
ang dito sa mundo'y aking pagkatahan
ay walang ganitong dilág kagandahan
aywan kung mayroon sa langit na bayan.

Pagdaka'y binati n~g ganitong sabi:
Tabi sa dan~gal mo mahal na babae,
ikaw baga'y sino't anong layon dini

sa ganitong oras at lalim n~g gabi?

—Huag maguing sawí ang aking panugón
sa kamahalan mo mamang tumatanong,
pinagmulan ko po'y hindi mapagnoy
gayon din ang aking dito'y pagkatuntong.

Kabuhayang yari di ko mapag-lirip
na diwa'y nagbuhat sa dunong n~g langit
pinagmulang baya'y di po maisulit
at n~gayon pa lamang ako nagka isip.

Kaya ikaw na po ang siyang báhala
na dini sa abang búhay ko'y magpala;
ituring na anak sa pagaanduka
at kikilanlin kang amang nagkalin~ga.

Kung gayo'y halina anang nakapulot
n~guni'y namamanghá ang sa tawong loob,
pagdating sa bahay ay pinapagsoot
n~g damit na tuyó ang anak ni Venus.

At isinalita sa asawang hirang
yaong pagkakuhang mahiwagang bagay,
sabihin ang tua't dí na ibig lisan
n~g dalawang mata yaong kagandahan.

Nagsasama na n~gang bilang din sa anak;
at magulang namán ang gawang pagtupád
di ko pagaanhin dumating ang oras
lihim n~g Lumikha'y kusang mapatanyag.

Mag-asawang hari ay sa pagpapacial
sa lansan~gang yao'y manáng naparaan
dilág n~g napulot ano'y nang mátanaw
ang matuling takbo ay pinapaghintay.

Sa carrosa ay biglang umibís
at sa maralitang bahay ay pumanhík
ang kapangyariha'y hindi na nagamit
ang puso'y nabaghán sa himalang dikít.

Ang mahal na hari tumanong pagdaka.
—ito бага'y anak ninyong mag-asawa?
sagot n~g tinanong—dakilang Monarka
iyan po'y pulut ko lamang sa aplaya.

Na di ko mawari magpahanga n~gayon,
kabuhayan niya, haring pan~ginoon,
pagka't kailan mang kunang ko n~g tanong;
sabing talinghaga ang itinutugon.

—Kun gayon—ang sagot n~g Sakramajestad
sa kalakhan nila'y paumanhing gawad
kami na ang inyong loobing mag-in~gat
at siyá ay aming paparahing anak.

—Oo po hari ko—ang panagot namin
at sinong tatangui sa magandang hiling,
mabigat bigat man na kung sa dadalhin
ang atang mo'y pilit naming papasanin.

Huag lamang haring ibintang n~g dibdib
na parang gusto na naming siya'y malís,
Mahal na babae tanto mo na't batid
itong sa Monarkang ipinamamanhik.

Sagot n~g dalaga'y—may dí pangyayari
ang hindi pagayo'y lapastan~gang tanguí
ang damdam n~g puso'y di na nakaganti
sa anduka ninyo at pagkakandili.

—Huag panimdimin at laking ligaya
niyaring aming loob ang mápabunyi ka
sa kandiling in~gat n~g ating Monarka

bakit walang anak ang mahal na Reyna.

—Magaganap na po oh Sakramajestad
ang hiling n~g pusô—Maraming salamat
babae'y kinawit n~g Reyna at kagyat
isasa-agapay n~g kaniyang lakad.

—Sumandaling hintay—ang ipinagsulit
sa kamay ni ama muna ay hahalik
gayondin sa aking inang nagtankilik
ipaalam na't kayo'y in~gatan ng Lan~git!

Naghiwalay na n~gang luha'y nalalaglág
nitong maiiwa't magtatamong palad
ang mata n~g Reyna sa laki n~g galak
di na ibig lisan ang himalang dilág.

Yaon na't tinungo ang Palacio real
kapagdating doo'y agad binihisan
n~g damit na piling dí sangkap ang dan~gal
ang kahalimbawa'y bitwing sumilang.

Sa kinabukasan hari'y nagpalakad
n~g utos na gawing pilit ang pagtupad
na ang magsabing hindi niya anak
ay paakasahang buhay ang katapát.

Nagpatabas nan~ga n~g damit princesa
pinili ang kayong lalong mahalagá
at kapagkayari'y ipinasuot na
walang dí hahan~ga sa himalang ganda.

Nang princesa na n~ga siyang tinatanghal
sa sakop na Reyno n~g nagtatangkakal,
bilis n~g balita ay nan~gagliparan
sa iba't iba pang m~ga kaharian.

Sigaw n~g balita'y ¿ano't nániniig
ang napapanahon sa nasang pag-ibig?
naron ang ganda na sukat sa titig
ay magsisilayas ang lahat n~g sákit.

Bubugtong na anak ang himalang ganda
ng nagkakandiling haring magasawa
nang ito'y márinig ay nagsigayak na
ang nangaguusig sa nasang pagsinta.

May principe't duque, konde't kaballeros
na ang pagsasadya'y tungkol sa pag-irog
at gayon din namang balita'y umabot
sa taksil na tawong principeng pumugot.

Nagsadya rin naman na paris n~g iba
na ang tinutun~go'y ang nasang pagsinta
dilag n~g princesa'y n~g tamaang matá
tumapon ang isip sampong kalulwa.

Anopa't sinupil nabihag ang dibdib
niyaong kay Cupidong dahás n~g pag-ibig
nang mag-uling loob nagsakdal sa lan~git
na panungtang palad ang magandang nais.

Nan~gag-alay na n~ga n~g sinta't paglubog
ang nagsípagsadyá sa nasang pag-irog
kung anong hiwagang kaloob n~g Dios
ang naguing asawa'y ang principeng nugot.

Ihahangang dito ang kináhinatnán
n~g abang dalagang kinitlán n~g búhay
¿ang principe baga'y kung kaya nákasal
ay talagang utos niyong kapalaran?

—Ano pang liwanag iyong hahanapin
sa nangyaring yaon, kapatid na guiliw,
pinutlán n~g liig muling nabuhay rin

palibhasa'y siyang kapalarang taning.

—Tama ang sabi mong nakasal kapatid pagka't princesa nang kagandahang labis kun ang dating búhay siyang ipipilit makalilibo ma'y puputlan n~g liig.

At may pangyayari kayang makasal pa sa lalaking buháy babaeng patáy na dito'y liwanagan mo n~ga sa dalawa sa palad at gusto'y sinong nan~gauna?

Itong kapalaran kung pag-iisipin ay parang busabus n~g pag-ibig natin at walang sarili siyang mararating kun ang haring gusto'y siyang tumitiguil.

Aywan sa ibang nangyayaring bagay kung tungkol sa ating daláng kabuhayan may dukhang nanakyat sa luklukang dan~gál at may darakilang naaabá naman.

Yaong sinasabing nan~gapapahamak, nalunod ó kayâ natuka n~g ahas baka naroroon ang kaya n~g lakas niyaong sinasabing naghaharing palad.

Nguni't sa kalakhan n~g haring pag-irog: itong kapalaran ay naninikluhod palibhasa'y siya'y nahahandang lingkod sa anomang bagay na ipag-u-utos.

—Makáhahalakhak kung pagwawariin ang katuwiran mong panagot sa akin, ¿diyata't sa dahás n~g haring pag-guiliw, itong kapalara'y talagang alipin?

Huag kang palulong irog na kapatid sa dunong ng iyong námamaling isip itandâ sa noó at saka sa dibdib na ang kapalaran ay hulog n~g Lan~git,

Dí baga ang m~ga alay na pagluhog sa isang babae'y halál n~g pag-irog ay bakit kung hindí bigyang pahintulot tátan~gá na lamang at maghihimutok.

¿Nasaan ang dahás n~g haring pag-ibig na sinasabi mo guiliw kong kapatid? ang kapangyariha'y bakit dí magamit na ang sumasamong pagsinta'y ipilit.

Asal n~g pag-ibig ang sumamosamò at sa sinisinta'y maghandóg n~g suyò tuíng máhaharáp sa lan~git n~g puso'y nagpapakilala n~g pamimintuhò.

Yaon man at hindí ipagkakaloob n~g palad ay sayang ang puhunang pagod, ihahangang dito kapatid na irog, ¿may matuid ka pa bagang isagagót?

—Tamà ang tugon mo kung didingin lamang n~guni't mayroon pang náninirang bágay pagka't ang pinilit na ikinakasal *nulo* sa kastila kang ito'y pan~ganlan.

Sapagka't ang dilág n~g pag-aasawa buhat sa kasundo n~g pusong dalawa kailan ma't hindí ganáp ang pagsinta walang kabuluhan yaong pagsasama.

Bakit nang panahong tayo'y maligalig na ang pilipino'y magsipanghimagsik ay daming babaeng nákasal sa pilit

¿yaon kaya'y palad na hulog ng Lan~git?

Hinayang sa buhay ang sanhing pag-amin
takot sa maikling pamatay at baril,
n~gayon ang tanong ko, kapatid na guiliw
¿yaon kaya'y utos n~g palad na taning?

—Di kung gayon pala itong kapalaran
ay walang sariling lakás na sinimpan,
sapagka't kung hindi humin~ging tulun~gan
n~g baril ay hindi mapilit ang ayaw.

At bukod sa rito kapatid na irog
kun ang kapalara'y sa lan~git na hulog
di na mangyayaring daanin sa takot
pagka't yao'y bawal n~g banál na utos.

Kaya't anhín ko mang tanun~gin ang isip
nag-áalan~ganing mayag yaring dibdib
na pawawalan mong lakás ang pag-ibig
at ang kapalara'y siyang mananaig.

Ang bagay na ito'y sinabi ko lamang
di ka pinipilit na ako'y ayunan,
n~guni't sa sarili n~g bait na simpan
ikaw ang bahalang sa wasto'y magtimbang.

At kung matagpuan n~g pantás mong isip
ang kalulunduan n~g hustong matuwid
hinahong papayag naman yaring dibdib
at tatanggapin mo ang aking panalig.

Bakit sa kanitang pagsasamang ganáp
itong pagtatalo'y hindi nárarapat
at saka himalang makita n~g lakás
n~g lampá tang isip ang ililiwanag.

Itong atin n~gayong pagsasalitaan
n~g balabalaking magunitang bagay
ay para na bagang isang pagsasanay
n~g tumulín tulín isip tang mabagal.

—Oo n~ga Marcela't yaon ang matuid
han~gang nabubuhay sa silong n~g lan~git,
ang tawo'y piliting dumunong ang isip
sa kapanahuna'y nang hindi maguipit.

Mag-aral n~g m~ga wastong pan~gun~gusap
na makakalugdan n~g kinakaharap
at yaon ay isang karan~galang sangkap
n~g tao kahima't nagmula sa hamak.

At ang pan~gun~gusap ay ipapanahon
huwag sa bala nang salita'y tútugón
at ang pagnanasang pan~ganlang marunong
lalong nagbabansag niyaong pagkagungong.

Ang palalong anio't kilos na magaslaw
sa gawa at wika'y páilag-ilagan
sa isip na puri hindi't kapintasan
ang maguiguing bun~ga't tubong pakinabang.

Ang pagmamabini't bala't kayong hinhin
kung dí katutubo naman ay wala ring
aantaing puri't bagkus babalutin
sa pula't siphayô n~g dilang matabil.

Sampo pa n~g ama't inang nag-anduka'y
masasabisabing diwa'y nagpabaya,
at kung hindi gayo'y di naman lálalâ
ang lumaguing gawing may katalong pula.

Ihahan~gang dito't dapat ding mag-in~gat.
ang tawo sa pulan~g nagsalasalabat
kung dí man máluklok sa dakilang taas

ay huag mangyaring malunod sa libák.

—Ang lahat mong saysay Dalmaciang kapatid
ay dapat ilimbag sa ubod n~g dibdib,
n~guni't ang hiling ko'y huag ipagkait
¿naganti mo na ba ang padalang titik?

—Hindi n~ga Marcela; ito'y isang bagay
na isasanguni sa pagmamahalan
at ipahahayag tanáng kalihiman
niyaring aking dibdib mula niyaong araw.

Maniwala ka kapatid na guiliw
ang liham na yao'y mula nang tangapin
salamat at di mo palá nápapansin
na yaring isip ko'y nagpaparang halíng.

Sa alay na sintá ni Constancio't hibik
nag-aalan~gnin sana yaring dibdib,
n~guni't sa pasiyang hatol n~g pag-ibig
dí dapat itakuil ang sa pusong lan~git.

Kaya buhat na n~ga n~g aking tan~gapin
ang padalang liham, kapatid na guiliw,
parang binabaka ang gulong panimdim
na dí matutuhan ang dapat kong gawin.

Ito'y hindi sana dapat pamalayan
sa kahit kan~gino at kahalayhalay
na tayong babayi pala'y nagdaramdam
n~g matinding dusa sa nagugustuhan.

N~guni't sa malinis na pagkakatali
n~g kanilang puso'y nuha't ang bighani
na pagtapatan ka't yaring dalamhati
n~g tungkol sa sinta'y magkalualhati.

Upanding sa iyong magagandang hatol
ligalig n~g aking puso'y huminahon
sa padalang salat Cela'y nagtatanong
kung ano ang dapat na maguing panugon.

—Diyán sa hiling mo guiliw na kapatid
na hatulan kita n~g itatahimik,
walang mágagawa yaring aking isip
kun ang iyong puso'y supil n~g pag-ibig.

Sapagka't ang dahás n~g Haring pag-irog
ay dí gumagalang at dí natatakot,
walang katuirang ina-alinsunod
liban sa ang nasa lamang ang masunod.

Pagpayuhan ka mán n~g lalong matuid
ang kalihiman mo'y hindi rin didinig
lunas na pagpulhan n~g itatahimik
ay ang katutubong sarili mong bait.

At yaon ang siyang makapag titimbang
n~g lalong marapat sa kahihinatnan
yayamang sapagka't dati mo rin alam
ang lakad n~g mundo't panahong niniral.

Iyong magagawa boong pag-iin~gat
kung may panimdim kang puri'y mapahamak
at ang kabaita'y siyang naghahawak
sa ikasasawi n~g dáratning palad.

Ang sinomang tawo'y pagka't sinangkapan
n~g tatlong sandatang talagang panglaban
kailan ma't ito'y di mo bibitiwan
ay dapat umasang ipagtatagumpay.

Sapagka't kung ito'y di mo isasalong
sa digma n~g mundong laláng n~g panahon
ay pakaasahan na ipagtatan~gol

ikaw sa lahat nang sakuna't lingatong.

Huag maniwala ang lapok na loob
na tayong linikha'y may talagang signos
sapagka't ang tawo'y kung sumasa-Dios
ay walang pan~gamba't hindi matatakot.

Kaya n~ga sa awa niyaong Matankilik
na nagpakaduk-ha ay doon manalig
na pagpinagtibay ang sariling bait
walang magagawa ang lilong pan~ganib.

Tungkol sa hiling mong kita'y pagpayuhan
sukat hangang dito ang kaya ko lamang
at ang dakong hulí n~g káhihinatnán
ay wala sa aki't ikaw ang may tan~gan.

Kaya hangang dito't asahang kalakip
sa makakayanan yaring aking dibdib
n~guni't sa tadhana n~g Haring pag-ibig
sarilinan tayo n~g mapagsasapit.

—Salamat sa iyo kapatid na guiliw
sa m~ga hatol mong palagay sa akin,
na ang kabaitan ang papagtibain
at ang pag-aadya n~g Nakop sa atin.

Paalam na muna ako at aalis
si ama't si ina'y nang dí nai-iníp
kung walang dahila'y asahang babalik
